I Pampublikong tulong at serbisyo (welfare)

Bumalik sa TOP ng I Pampublikong tulong at serbisyo (welfare)

Ipapaliwanag sa ibaba ang iba pang mga pampublikong tulong at serbisyo, kabilang ang tulong at serbisyo para sa mga bata, Nursing Care Insurance (Kaigo Hoken), tulong at serbisyo para sa mga may kapansanan, at suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay (seikatsu hogo). Bagamat ang ipakikilala dito ay ang sistemang pambansa, may kanya-kanyang mga serbisyong ipinatutupad ang iba't-ibang rehiyon. Para sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa inyong city hall, munisipyo, institusyong pampamahalaan, o sa opisina ng pampublikong tulong at serbisyo (welfare).

1 Tulong at Serbisyo para sa mga Bata

Ang mga sumusunod ang allowance para sa pagpapalaki ng bata. May kanya-kanyang sistemang pamprobisyon ang iba't-ibang rehiyon. Para sa detalye, makipag-ugnayan sa mga itinakdang consultation window o sanggunian sa tanggapan ng inyong munisipyo.

1-1 Pinansyal na tulong para sa mga bata (kodomo teate)

Ito ay isang sistema ng bansa na nagbibigay ng pinansyal na tulong para sa mga bata sa mga tagapag-alaga o magulang na nagpapalaki ng mga bata hanggang bago sila makapagtapos ng junior high school (hanggang sa unang Marso 31 ng ang bata ay maging 15 taong gulang). (tingnan ang H Panganganak at Pag-aalaga ng Bata 3-4 Pinansyal na tulong para sa mga bata (kodomo teate))

1-2 Allowance para sa pagpapalaki ng bata na walang ama (jidou fuyou teate)

Ito ang suporta para sa mga ina o tagapag-alaga ng batang nabubuhay na hiwalay sa ama ng bata, dulot ng diborsyo o pagkamatay ng ama. Sakop ng sistemang ito ang mga batang may edad na 18 taong gulang (hanggang ika-31 ng Marso). Para naman sa mga batang may malubhang kapansanan, sakop sila ng sistemang ito hanggang umabot sila sa edad na 20 taong gulang. Sakop din ng sistemang ito ang pagbibigay suporta sa mga pamilya na may malubhang kapansanan ang ama. Gayunpaman, may limitasyon ang serbisyong ito depende sa laki ng sahod o income ng tagapag-alaga.

1-3 Allowance para sa pagpapalaki ng batang may espesyal na pangangailangan (tokubetsu jidou fuyou teate)

Ito ay suporta para sa mga ama o ina na nagpapalaki ng batang may edad na 19 taong gulang pababa na may kapansanan sa katawan o pag-iisip. May limitasyon ang serbisyong ito depende sa laki ng sahod o income ng tagapag-alaga. Limitado din ang serbisyong ito sa mga batang pumapasok sa institusyong pang may kapansanan sa katawan at pag-iisip.

I Pampublikong tulong at serbisyo (welfare)

Bumalik sa TOP ng I Pampublikong tulong at serbisyo (welfare)

1-4 Allowance for children with disabilities

Ito ay suporta para sa mga batang may edad na 19 taong gulang pababa na nananatili sa bahay dahil sa malubhang kapansanan at nangangailangan ng nursing care sa pang-araw-araw na pamumuhay. Target nito ang mga nakatala sa identification booklet for the physically handicapped para sa unang antas o level 1 (shintai shougai techou 1 kyuu teido) o ang mga nakatala sa medical treatment passbook (ryouyou techou A). May limitasyon ang serbisyong ito depende sa laki ng sahod o income ng tagapag-alaga.

I Pampublikong tulong at serbisyo (welfare)

Bumalik sa TOP ng I Pampublikong tulong at serbisyo (welfare)

1-5 Sistema ng suporta para sa pagpapagamot ng may malubhang kapansanan

Ito ay sistema ng nagbibigay ng sapat na halaga para sa pagpapatingin at pagpapagamot na sakop ng health insurance na sumusuporta sa mga batang may malubhang kapansanan sa katawan at pag-iisip. Ang sakop ng tinutugunan ay naiiba batay sa tinitirahang lugar.

1-6 Other assistance for bringing up children

May iba't-ibang uri nito. (tingnan ang H Panganganak at Pag-aalaga ng Bata 3 Gastos sa Panganganak at Iba't-ibang Uri ng Benepisyo at ang 5 Pag-aalaga ng Bata).

● Listahan ng tulong at serbisyo para sa bata

Mga uri ng serbisyo	Ang maaaring tumanggap ng tulong/Nilalaman	Mga kailangan tandaan
Pinansyal na tulong para sa mga bata (*kodomo teate*)	Allowance para sa mga tagapag-alaga o magulang na nagpapalaki ng mga bata hanggang bago sila makapagtapos ng junior high school (hanggang sa unang Marso 31 ng ang bata ay maging 15 taong gulang)	
Allowance para sa pagpapalaki ng bata na walang ama (jidou fuyou teate)	(1) Suporta para sa mga ina o tagapag-alaga ng batang nabubuhay hiwalay sa ama ng bata, dulot ng diborsyo o pagkamatay ng ama. (2) Suporta sa mga pamilyang ang ama ay may malubhang kapansanan.	(1) Suporta para sa mga ina o tagapag-alaga ng batang nabubuhay hiwalay sa ama ng bata, dulot ng diborsyo o pagkamatay ng ama. (2) Suporta sa mga pamilyang ang ama ay may malubhang kapansanan.
Allowance para sa pagpapalaki ng batang may espesyal na pangangailangan (tokubetsu jidou fuyou teate)	Suporta para sa mga ama o ina na nagpapalaki ng batang may edad na 19 taong gulang pababa na may kapansanan sa katawan o pag-iisip. * Limitado ang serbisyong ito sa mga batang pumapasok sa institusyong pang may kapansanan sa katawan at pag-iisip.	May limitasyon depende sa laki ng sahod o kita ng tagapag-alaga
Allowance para sa batang may kapansanan (shougaiji fukushi teate)	Para sa mga taong nakatala sa identification booklet for the physically handicapped para sa unang antas o level 1 (shintai shougai techou 1 kyuu teido) o ang mga nakatala sa medical treatment passbook (ryouyou techou A)	May limitasyon depende sa laki ng sahod o ktia ng tagapag-alaga
Sistema ng suporta para sa pagpapagamot ng may malubhang kapansanan	Para sa mga taong nakatala sa identification booklet for the physically handicapped na nasa una, ikalawa, at ikatlong antas o level 1, 2 at 3 (shintai shougai techou 1, 2, 3 kyuu) o ang mga nakatala sa special child passbook A at B (ryouiku techou A at B). * Limitado ang serbisyong ito sa mga nasa ikatlong lebel ng ikatlong antas ng identification booklet for the physically handicapped (shintai shougai techou 3 kyuu).	—